

HYGIENE NG KAMAY - Linisin ang lahat ng mga ibabaw ng mga kamay at mga pulsuhan
HAND HYGIENE - Clean all surfaces of hands and wrists



GOWN

1. Takpan nang husto ang katawan mula leeg hanggang tuhod, mga braso hanggang sa pulsuhan, at itali sa likod ng leeg at sa baywang.



MASK o RESPIRATOR

1. Itali o ilagay ang elastic bands sa tuktok ng iyong ulo at sa leeg (o ilagay ang loop sa mga taenga).
2. Pagkasiyahin sa iyong mukha at baba.
3. Ihugis ang flexible band sa ibabaw ng ilong.
4. I-check ang fit nito kung gagamit ng N95 respirator.



PROTEKSYON SA MATA

1. Ang goggles, buong face shield, o visor na nakakabit sa mask ay lahat magagamit na mga paraan ng proteksyon sa mata. Kung gagamit ng face shield/visor, dapat natatakpan nito ang mga kilay.
2. Ang prescription o fashion eyeglasses ay hindi nagbibigay ng sapat na proteksyon sa mata.
3. Takpan ang mukha at mga mata, at i-adjust upang magkasya nang tamang-tama.



GUWANTES

1. Hilahin upang matakpan ang mga manggas ng gown.
2. Ilayo sa mukha ang mga kamay na may guwantes at iwasan ang paghipo/paghawak sa mga ibabaw.
3. Palitan ang mga guwantes at maghugas ng kamay tuwing kinakailangan (halimbawa, kapag mukhang marumi, bago at pagkatapos ng mga kontaminado at malinis na gawain).